AUGUST 2025

VOLUME NO. 2 ISSUE 1

# BUWAN NG WIKANG PAMBANSA AT BUWAN NG KASAYSAYAN 2025, PINASINAYAAN


**Jersten Julian, 9-2**
**Caitlin Vergel de Dios, 10-3**

Ipinagdiwang ng Saint Theresa's College of Quezon City (STCQC) ang Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan 2025 noong Biyernes, Agosto 1, sa Sr. Marie Madeleine Multipurpose Gym (SMMMG) na may temang: "*Wika at Kasaysayan: Pamana ng Nakaraan, Sandigan ng Pagkakaisa at Kamalayang Makabayan ng Kabataan sa Kasalukuyan.*" Bahagi rin ng pagdiriwang na ito ang paghahandog ng isang Banal na Misa at Pledge of Commitment ng mga lider-estudyante.

Piling mga Teresa ang nagbahagi ng tatlong mahahalagang tema: "*Kasaysayan: Bayani't Baybayin*". Ilang miyembro ng Sining Teresa ay nagkaroon ng pagganap ukol sa kasaysayan at ambag ng wikang Filipino. May mga piling Teresa rin mula sa iba't ibang baitang ang nagbahagi ng kanilang talento at pagmamahal sa wika at kulturang Pilipino sa pamamagitan ng mga katutubong sayaw at pagbabahagi ng tula gamit ang wikang Filipino.


Eugenio, 11-HUMSS/GA


Padua, 10-1


Eugenio, 11-HUMSS/GA


Padua, 10-1


Sinimulan ang pagdiriwang sa isang Banal na Misa na pinangunahan ni Reb. Padre Raymart de Guzman. Ipinaliwanag niya ang ebanghelyo (Mateo 13:54-58) at kung paano tinanggihan si Hesus ng kanyang inang bayan matapos niyang magturo sa sinagoga. Mula sa kwentong ito, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng tunay na pagtanggap at pagkilala kay Kristo upang makita ng bawat isa ang tunay na diwa ng Kanyang misyon. Sa pamamagitan ng tatlong paraan, mailalapat ito sa pang-araw-araw na buhay: ang pagkilala, pagtanggap, at pagmamahal kay Hesus.

Sinundan ito ng *Pledge of Commitment* ng mga bagong halal na *lider-estudyante* para sa taong ito. Taimtim na ipinangako ng mga lider ang kanilang responsibilidad sa buong komunidad.

Pagkaraan nito, sa pamumuno ng kagawaran ng Filipino at Araling Panlipunan, ipinagdiwang ang Buwan ng Wika na siyang naglalaman ng dalawang indibidwal na tema, Buwan ng Wikang Pambansa: "*Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa pagkakaisa ng bansa*" at "*Buwan ng Kasaysayan: "Diwa ng Kasaysayan, Kabilin sa Kabataan."*

Sa pamamagitan ng mala-*vlog* na pormat, sinimulan ang programa sa pag-awit ng Lupang Hinirang kasunod ang iba't ibang pagtatanghal tungkol sa wika, kultura, kasaysayan, at pagkakaisa.


Eugenio, 11-HUMSS/GA


Eugenio, 11-HUMSS/GA

Nagbahagi rin ang punong tagapangasiwa na si Dr. Maria Teresa C. Bayle ng mensaheng nagsilbing inspirasyon sa mga Teresa na mahalin ang kulturang Pilipino at nagbigay-diin sa kahalagahan ng wika hindi lamang bilang pamamaraan ng pakikipag-usap, kundi ng paglalarawan ng kasaysayan at pagkakakilanlan ng Pilipinas.

Natapos ang pagpapasinaya sa Buwan ng Wika sa pag-awit ng komunidad ng "*Ako'y Isang Pilipino,*" at pangwakas na panalangin.

LAYOUT BY GALVEZ 12-HUMSS